

# Pagpaplano Upang Protektahan ang Sarili mo sa Pagsasamantala Ukol sa Pananalapi!

Ang pagsasamantala ukol sa pananalapi, kilala ring pang-aabuso ukol sa pananalapi, ay kapag ang isa ay gumagamit ng pera o mga gamit na labag sa batas o di-angkop, para sa kanilang sarili. Ito ay maaaring gawin ng isang kilala mo, kagaya ng isang kaibigan o kamag-anak, o isang taong lubos na di-kilala. Gayunman, may mga bagay na maaari mong gawin upang matulungang protektahan ang iyong sarili.



## **MAGPLANO! Ipalagay mong gawin ang mga sumusunod:**

- Lumagda sa isang diretsong deposito para sa iyong kinita (ang pensiyon at social security ay maaaring dumiretso sa nakasegurong deposito). Makipag-alam sa iyong bangko para sa tulong.
- Para sa tulong sa pamamahala ng iyong mga bayad sa social security, makipag-alam sa Social Security Administration.
- Payagan mo lamang ang isang taong mapagkakatiwalaan mo na makatulong sa pamamahala ng iyong pera.
- Kumuha ka ng iyong nakatalagang planong panukala. Mag-ingat ka sa mga taong pipiliin mong pagkatiwalaan upang tumulong sa iyong pagpaplano. Makipag-usap sa isang abogado tungkol sa pagtulong sa iyo sa paggawa sa mga sumusunod na nararapat:
  - ang “living will” o masulong na deriktiba sa pangangalagang pangkalusugan.
  - ang mababawing testamento habang buhay pa.
  - ang matibay na kapangyarihang gaya ng abogado (power of attorney) para sa pangangalaga ng kalusugan at/o pangangasiwa sa ari-arian. Pangalanan ang isang taong mapagkakatiwalaan mo upang gawin ang pangangalaga ng kalusugan at mga pagpapasiyahan sa pangangasiwa ng ariarian para sa iyo kung ikaw ay walang kakayahan.
  - Isang testamento.
  - Kapag ikaw ay kailangang magpunta sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, pag-aralan ang tungkol sa mga karapatan mong makapili at iyong mga karapatan! Bisitahin ang [www.medicare.gov/quality-care-finder](http://www.medicare.gov/quality-care-finder)



NATIONAL ASIAN PACIFIC  
CENTER ON AGING

[www.napca.org](http://www.napca.org)

## MANATILI KANG NAKAUGNAY!

Makipag-ugnay sa mga iba nang madalas, ang pagkakahiwalay ay nakakagawang mas madali kang tablan ng banta sa pang-aabuso. Makipag-usap sa mga miyembro ng pamilya, mga kaibigan, at mga propesyonal na mapagkakatiwalaan mo upang matulungan ka sa pagpapalano mo sa iyong hinaharap.

## AT SAKA, ISAALANG-ALANG NA GAWIN ANG SUMUSUNOD:

- Gumawa ng pag-uugnayan ng pamilya, mga kaibigan, mga magkakapitbahay at mga pangkat na maaari kang makipagsalamuha.
- Manatiling aktibo, maging abala! Makibahagi sa iyong senior center o ibang mga pangkat.
- Gumawa ng sistemang pangpares kasama ng mga ibang nakakatanda, magtawagan ang isa't isa araw-araw para sa pagmumuling-tiwala at pagkakaibigan at bisitahin ang isa't isa kung maaari.



## ANG PAGGAWA NG ULAT NG HALIMBAWANG NAPAGHIHINALAANG PANG-AABUSO O PAGPAPABAYA AY ANG TAMANG BAGAY NA GAGAWIN, AT ITO AY MADALI.

Ang mga programa, kagaya ng Adult Protective Services (APS) at The Long-Term Care Ombudsman Program ay naroon upang tumulong.

**Kausapin ang isang propesyonal na mapagkakatiwalaan mo upang makatulong sa iyo sa paggawa ng ulat o higit pang daan sa mga impormasyon.**



Connecting You to Community Services

NAPCA acknowledges the Eldercare Locator for their help in the development of this resource.



Upang matukoy pa ang iba, bisitahin ang National Center on Elder Abuse website sa: <https://ncea.acl.gov/faq/index.html>

This project was supported in part by grants from the U.S. Administration for Community Living, Department of Health and Human Services, Washington, D.C. 20201. Grantees undertaking projects under government sponsorship are encouraged to express freely their findings and conclusions. Points of view or opinions do not, therefore, necessarily represent official Administration for Community Living policy.



NATIONAL ASIAN PACIFIC  
CENTER ON AGING

[www.napca.org](http://www.napca.org)